


# **EPP-ICT**

## **Modyul 5:**

### **Marunong ka bang mag-download?**

**(Nakokopya o nado-download sa computer ang nakalap na impormasyon mula sa internet)**



**EPP-ICT Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Modyul 5: Marunong ka bang mag-download?**

**(Nakokopya o nado-download sa computer ang nakalap na  
impormasyon mula sa internet)**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marivic B. Abawag

**Editor:** Jelly M. Flores

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagalapat:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

# **EPP-ICT**

## **Modyul 5:**

### **Marunong ka bang mag-download?**

**(Nakokopya o nado-download sa  
computer ang nakalap na  
impormasyon mula sa internet)**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***



Alam mo na ba ang mga paraan kung paano magsaliksik sa internet. Ngunit hindi dito nagtatapos dahil gusto mo lang na magkaroon ng kopya ng impormasyon na iyong nakalap mula dito. Paano mo ito gagawin? Ano ba ang mga paraan sa pagkopya ng impormasyong nakalap? May mga alituntunin ba na dapat sundin sa pagkopya ng files? Ito ang pag-aaralan natin sa module na ito.






Sa modyul na ito ay inaasahang matutunan ang mga sumusunod:

- naipaliliwanag ang proseso ng pag-download ng files mula sa internet;
- napahahalagahan ang copyright o karapatan g mga orihinal na awtor ng anumang akdang nakalathala sa internet; at
- nakaka pag-download ng files ng tama gamit ang internet.



## Subukin

A. Kulayan ng pula ang bituin  kung taglay mo na ang sumusunod na mga kaalaman at kulayan ng dilaw  ang bituin kung hindi mo pa alam ang mga kaalamang ito.

<b>Kaalaman/Kasanayan</b>	Sagot
1. Nakakapag-download ng video files.	
2. Naipaliliwanag kung ano ang pag-download at ang kaibahan nito sap ag-upload.	
3. Nakakapag-download ng music files.	
4. Nakakapag-download ng mga dokumento mula sa isang website.	
5. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagsipi ng mga akdang mula sa internet na nais gamitin.	

B. Ayusin ang mga titik upang makabuo ng mga salita.






1. netinter	
2. loaddown	
3. sfilse	
4. dvieo	
5. sicmu	



<p>_____ 4. Malawak na mapagkukunan ng dagdag impormasyon at datos</p>	<p>d. display window</p>
<p>_____ 5. Ito ang pinakamalaking bahagi ng browser na nagpapakita ng piniling website.</p>	<p>e. internet</p>

B. Isulat ang mga bahagi ng isang web browser na tinutukoy sa bawat larawan .Pumili ng sagot sa loob ng parihaba.

Address bar	Browser Window Buttons
Tab Name	Navigation Buttons
Customize and Control Google Chrome	

<p>6. </p>	
<p>7. </p>	
<p>8. </p>	
<p>9. </p>	
<p>10. </p>	





## ***Tuklasin***

Basahin ang usapan sa ibaba at pagkatapos ay sagutan ang mga katanungan.

### **Araw ng mga Guro**

Si Valentin ang pangulo sa ika-apat na baiting sa mababang paaralan ng San Juan. Nais nyang makipagtulungan sa kanilang mga guro para sa pagdiriwang ng Teacher's Day. Ayon sa kanilang guro ay magkakaroon ng simpleng palatuntunan sa pagdiriwang nito.

Ating basahin ang naging usapan nila ng kanyang mga kamag-aral na sina Carlos at Abigail sa loob ng kampus ng kanilang paaralan.

<b>Valentin:</b>	Nalalapit na ang selebrasyon para sa ating mga mahal na guro.
<b>Abigail:</b>	Ano kaya ang maaari nating gawin upang masurpresa natin sila?
<b>Carlos:</b>	Di ba may simpleng palatuntunan na magaganap?
<b>Valentin:</b>	Meron sabi ng ating guro.
<b>Carlos:</b>	Gusto nyo ba na maghandog tayo ng sayaw para manlang masurpresa natin sila?
<b>Abigail:</b>	Maganda ang iyong naisip Carlos.
<b>Valentin:</b>	Gumamit tayo ng iba't ibang musika sa ating presentasyon.
<b>Carlos:</b>	May alam ako na magandang musika ngunit

	paano tayo magkakaroon ng kopya nito.
<b>Abigail:</b>	Kailangan nating i-search sa internet.
<b>Valentin:</b>	Tama!Sa internet makikita natin pati ang video nito at maaari nating gayahin ang mga dance steps dito.
<b>Carlos:</b>	Kailangan lang na magkaroon tayo ng kopya nito upang makapagsimula na tayong mag ensayo.
<b>Abigail:</b>	Ngunit paano tayo magkakaroon ng kopya nito.
<b>Valentin:</b>	Di ba yan ang aralin natin sa EPP ngayon kung paano magkaroon ng kopya ng video,larawan at musika galing sa internet?
<b>Carlos:</b>	Alam ko na magpapatulong tayo sa ating guro sa EPP kung paano mag download.
<b>Valentin:</b>	Magaling ang naisip mo. Kaya kailangan nating pakatandaan ang aralin natin mamaya sa ating asignatura.
<b>Abigail:</b>	O sige na pasok na tayo sa silid aralan at baka dumating na ang ating guro.

Sagutin ang mga katanungan:

1. Sinu-sino ang mga tauhan sa usapan?
2. Ano ang nalalapit na selebrasyon sa kanilang paaralan?
3. Ano ang naisip nilang palabas para sa palatuntunan?
4. Sino ang makakatulong sa kanila para magkaroon ng kopya ng gusto nilang musika at video?
5. Saan ka makakapagsaliksik ng mga paborito mong musika at video?
6. Paano ka magkakaroon ng kopya nito?






## **Suriin**

Sa usapan nila Valentin, Carlos at Abigail ano ang gagawin nila upang magkaroon ng kopya ng gusto nilang musika at video?

Tama, kailangan nila itong i-download sa internet. Bukod sa video ano pa kaya ang maaari nilang ma-download?

Ito ang ating pag-aaralan.

Ito ang Mga Files na Maaaring I-download mula sa Internet

 <small>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com/1">https://lh3.googleusercontent.com/1</a></small>	Document Files	Ito ay teksto o impormasyon na maaaring i-download tulad ng word processing file, electronic spreadsheet file at portable document format (o pdf) na files
 <small>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com/1">https://lh3.googleusercontent.com/1</a></small>	Multimedia files	Graphic files, sound files, at video files
 <small>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com/2">https://lh3.googleusercontent.com/2</a></small>	Program File	Application files na kailangang i-install sa computer gaya ng anti-virus program, instant messaging application, o mga computer games.

Bago natin ipagpatuloy kung paano mag-download, atin munang pakatandaan ang mga sumusunod na paalala.

### **Bawal Mag-plagiarize**

Ang paggamit ng anumang teksto, imahen, audio, video, at iba pang produkto ng kaisipan ng ibang tao nang hindi nagpapaalam sa kanila ay isang uri ng pagnanakaw na tinatawag na ***plagiarism***.

Kung gagamit tayo ng gawa ng iba, lalo na kung protektado ng karapatan sa pagpapalathala o copyright, ang sumusunod ay ang mga hakbang upang mabigyan ng pormal na pagkilala o sitasyon ang orihinal na awtor.

1. Isulat ang pangalan ng awtor ayon sa sumusunod na format:

Boongaling, Jhom







2. Isulat sa pamagat ng artikulo na nakapaloob sa mga panipi (“) ayon sa sumusunod na format: “Mga katangian ng Isang Entrepreneur.”



3. Isulat ang pangalan ng website o pahina. Gawing italics ang font at sundan ng tuldok:prezi.

4. Isulat ang petsa kung kalian nailathala ang artikulo. Sundan ito ng tuldok: halimbawa: 3 Nobyembre 2013.




5. Isulat ang Uniform Resource Locator (URL) o address ng webpage kung saan sinipi ang akda: <http://prezi.com/mcgzmfre69e/> mga katangian -ng -isang-entrepreneur




## Paano nga ba mag-download ng Text File?

<p>1. Buksan ang browser (Internet Explorer, Mozilla Firefox o Google Chrome).</p>	<div style="display: flex; justify-content: space-around; align-items: center;"> <div style="text-align: center;">  <p>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com 5">https://lh3.googleusercontent.com 5</a></p> </div> <div style="text-align: center;">  <p>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com 4">https://lh3.googleusercontent.com 4</a></p> </div> <div style="text-align: center;">  <p>Source: <a href="https://lh3.googleusercontent.com 3">https://lh3.googleusercontent.com 3</a></p> </div> </div>
<p>2. Gamit ang iyong napiling search engine, i-type ang sumusunod na keywords: mga matagumpay na negosyanteng Pilipino.</p>	
<p>3. I-click ang search button.</p>	
<p>4. Piliin ang search result na makapagbibigay sa iyo ng listahan g mahuhusay na negosyanteng Pilipino.</p>	

<p>5. Basahing mabuti ang artikulo. Matapos piliin ang impormasyon o resources na kakailanganin,i-download ito sa computer file system.</p>	
<p>6. Gamit ang copy at paste command, kopyahin at sipiin ang mga bahagi ng akda na nais mong maisama sa iyong ulat.</p>	






**Paano naman kung Music at Video ang nais mong i-download?**

<p>1. Buksan ang iyong browser (Internet Explorer, Mozilla Firefox o Google Chrome)</p>	 <p>Source:<a href="https://lh3.googleusercontent.com/8">https://lh3.googleusercontent.com/8</a></p> <p>Source:<a href="https://lh3.googleusercontent.com/7">https://lh3.googleusercontent.com/7</a></p> <p>Source:<a href="https://lh3.googleusercontent.com/6">https://lh3.googleusercontent.com/6</a></p>
<p>2. I-type ang <a href="http://www.soundcloud.com">www.soundcloud.com</a> sa search bar at i-click ang Go button o pindutin ang Enter sa keyboard.</p>	
<p>3. Magbubukas ang SoundCloud homepage.</p>	




<p>4. Sa search box ng SoundCloud website, i-type ang keywords na:successful entrepreneurs</p>	
<p>5. I-click ang search button</p>	
<p>6. I-click ang file upang i-play ito. Kung ang audio file sa tingin mo ay makatutulong sa iyong pag-uulat,i-click ang download button para i-download ang nasabing file.</p>	

### Paano naman pag-download ng Video File?

<p>1. Buksan ang iyong browser (Internet Explorer,Mozilla Firefox,o Google Chrome)</p>	
<p>2. I-type ang <a href="http://www.youtube.com">www.youtube.com</a> sa address bar at i-click ang Go button o pindutin ang Enter sa keyboard.</p>	
<p>3. Magbubukas ang You Tube homepage.</p>	
<p>4. Sa search box ng Youtube website, i-type ang mga keywords na: matagumpay na entrepreneur.</p>	

<p>5. I-click ang search button.</p>	
<p>6. I-click ang video na sa tingin mo ay makatutulong sa iyong pananaliksik tungkol sa mga matagumpay na entrepreneur sa ating bansa.</p>	
<p>7. Piliin ang Uniform Resource Locator (URL) o address ng video na nakalagay sa address bar ng browser.</p>	
<p>8. Mag-right click (pindutin ang kanang button ng mouse) at piliin ang copy command sa option list.</p>	
<p>9. Buksan ang YouTube downloader na naka-install sa inyong computer.</p> <p>Kung ang YouTube downloader ay hindi nakalagay o naka install sa computer na ginagamit mo, pumunta sa YouTube Downloader site (youtubedownloader.com). I-download ang YouTube Downloader. Matapos ma-download ito,i-click ang installer file ng YouTube Downloader upang i-install ito sa computer na iyong ginagamit. Sundan nang mabuti ang mga hakbang sa pag-install. Kapag na-install na,buksan ang YouTube Downloader.</p>	



<p>10. I-paste ang URL ng video file sa address bar ng YouTube Downloader</p>	
<p>11. I-click ang download button.</p>	
<p>12. Hintaying makompleto ang pag-download. Pagkatapos ay maaari nang i-play ang video sa computer.</p>	


***Pakatandaan ang mga sumusunod na paalala!***

Iligal ang paggamit ng copyrighted materials at ipinagbabawal ang pagdownload ng mga video sa YouTube Terms of Service. Ngunit sa batas ng Pilipinas, puwedeng gamitin ang mga materyales na may copyright kung para lamang sa pag-aaral, lalo na kung hindi pagkakakitaan ang mga ito.

Isang nakakaaliw na Gawain ang pangangalap ng impormasyon sa internet. Ang pananaliksik sa website ay parang paghahanap ng nakatagong kayamanan.

Kaya’t dapat lamang na maging maingat sa paggamit sa gawa ng iba. May mga pamamaraan kung paanong mabibigyan ng pagkilala ang orihinal na awtor ng akda o gawa na nais mong gamitin.

Isaalang -alang din ang mga terms and conditions sa website na inilapat tungkol sa paggamit ng mga nilalaman nito.



## ***Pagyamanin***

Magsaliksik ng 5 larawan ng magagandang tanawin na matatagpuan sa Rehiyon V, i-download at sumulat ng 2-4 na pangungusap tungkol dito.



## ***Isaisip***

Masasabi kong marami ka ng natutunan sa ating mga aralin sa EPP ICT.

Kumpletuhin ang pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong. Bilugan ang salita o mga salita ng iyong sagot.

1. Ang (pag-download, video file) ay ang pagkuha ng kopya ng isang file mula sa isang website patungo sa file system.
2. Ang (multi-media files,document files) ay impormasyon na maaaring i-download tulad ng word processing file, electronic spreadsheet file at portable document format.
3. (Multimedia files,program file)ay mga files tulad ng sound files at video files.
4. Ang (multimedia files,program file) ay application files na kailangang i-install sa computer gaya ng anti-virus program.
5. Dapat lamang na maging (maingat,walang paalam) sa paggamit ng gawa ng iba.



## ***Isagawa***

Magsaliksik at pagkatapos i-download ang lyrics ng mga sumusunod na awitin at isaulo ito.

1. Ako ay Pilipino
2. Ang Bayan Ko



## ***Tayahin***

A. Isulat sa patlang ang hinihingi sa bawat bilang. Pumili ng sagot mula sa mga salita sa loob ng kahon.

Document Files	Isulat ang pangalan na awtor
Multimedia Files	Isulat ang pangalan ng website o pahina
Program File	

1-3 Mga files na maaaring ma-download sa ating computer

- 1.
- 2.
- 3.

4-5 Mga hakbang upang mabigyan ng pormal na pagkilala o sitasyon ang orihinal na awtor.

---

---

B. Magsaliksik at pagkatapos i-download ang mga bahagi computer. Isulat ang buod ng mga hakbang na ginawa mo sa pagsasaliksik at pagdownload



## ***Karagdagang Gawain***

Magsaliksik at mag-download.

Magsaliksik at mag-download ng limang paborito mong Musika. Isulat sa table ang hinihinging impormasyon.

Pamagat ng kanta	Mang-aawit	Dahilan at ito ay iyong nagustuhan
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		

Maaari lamang na iparinig sa guro ang mga na-download mong musika.

Isa kang magaling na bata! nakuha mong lahat ng wasto ang mga gawain sa modyul na ito. Binabati kita! Masasabi kong handa ka na sa mga susunod pa nating aralin.

Mabuhay Ka!



## ***Susi sa Pagwawasto***

- Sagutin**
- B.
1. internet
  2. download
  3. files
  4. video
  5. music

- Balikan**
1. c
  2. b
  3. a
  4. e
  5. d
  6. address bar
  7. browser window  
buttons
  8. tab name
  9. navigation buttons
  10. customize and  
control google chrome

- Pagtataya**
1. document files
  2. multimedia files
  3. program file
  4. Isulat ang pangalan ng website o pahina.
  5. Isulat ang pangalan ng awtor.

## ***Sanggunian***

Eden F. Samadan, Marlon L. Lalaguna, Virgilio L. Laggui, Marilou E. Marta R. Benisano. 2015. Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan kagamitan ng mag-aaral. Pasig City Philippines 1600: Vibal Group, I

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)